


PAKINGGAN NINYO ITO!





Aralin 7 para sa ika-14 ng Nobyembre, 2026
















"Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon"
(1 Corinto 10:11)





Pinanindigan ng mga propeta sa Biblia ang pinakamataas na panuntunan ng pag-uugali, ginabayan ang mga tao sa mas mataas na debosyon sa Dios, nagbabala laban sa kasalanan, at nagbigay ng kaaliwan at kasiglahan.

Malaki ang napakinabang ng mga nakinig sa kanila at tumanggap ng kanilang mensahe.

Nangyari ito, halimbawa, kay Asa (2Ch. 15:1-8); Jehosafat (2Ch. 20:14-23); o kay Amazias (2Ch. 25:7-10).

Ngunit sa kasawiang palad, hindi iyon ang karaniwang nangyari sa bayan ng Israel. Madalas na tinatakwil ang mensahe ng mga propeta. Ngayon, patuloy na nagsasalita ang Dios sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

Paano ako tumutugon sa kanilang mensahe?



Ang pagtanggi sa mensahero

Ang pagtanggi sa mensahe

- Paghamak
- Kasuwailan
- Pagpapa-imbabaw

Praktikal na pagsasa-kabuhayan

PAGTANGGI SA MENSAHERO



"At inupasala ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron [...] t hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang mga suot: At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel [...] Datapuwa't tinangka ng buong kapisanan na pagbatuhanan sila" (Bilang 14:2-10)



Sa mga tarangkahan ng lupang pangako, ipinadala ang mga espiya upang manmanan ito. Ang balita nila sa lupain ay kasing ganda ito gaya ng sinabi ng Dios (Bilang 13:27). Ngunit dinagdagan ito ng nakakapanghinang balita (Bilang 13:28, 31). At nagsalita ang Dios sa pamamagitan ni upang sakupin ito (Bilang 13:30).



Matapos ang isang gabi ng pagbubulaybulay, nagpasya ang mga tao: na tanggihan ang mga mensahero ng Dios na nangunguna sa kanila (Bil. 14:1-4). Nang inulit nina Josue at Caleb ang mga pampasiglang salita sa kanila, nagpasya silang batuhin sila (Bil. 14:6-10).



Pagkatapos, marami ring iba pang mensahero ang tinanggihan (2Ch. 25:15-16; Amos 7:10-13).

Ano ang dahilan ng pagtanggi? Ang mensaheng dinala nila mula sa Dios ay hindi akma sa inaasahan nila, o gusto nilang inawan ang makasalanan nilang pamumuhay.



PAGTANGGI SA MENSAHE




PAGHAMAK

"At nangyari, ng mabasa ni Jehudi ang tatlo o apat na dahon, na pinutol ng hari ng lanseta, at inihagis sa apoy na nasa apuyan, hanggang sa masupok ang buong balumbon sa apoy na nasa apuyan" (Jeremias 36:23)

Sa panahon ni Haring Jehoiakim, sangkot ang mga tao sa mga seryosong kasalanan. Inutusan ng Dios si Jeremias na magsulat sa isang scroll ng mensahe ng propesiya upang ang hari at mga tagapayo nito ay mabigyan ng babala at magsisi sa kasamaan nila (Jer. 36:1-3).


Ngunit hinamak ni Jehoiakim ang mensahe at sinira ito sa pagtapon sa apoy, bagaman may ilan na nakiusap upang huwag nya itong gawin (Jer. 36:21-25).

Bilang tugon, binigkas ang mas masamang propesiya laban kay Jehoiakim, at sinulat muli ang nasirang mensahe at pinahaba (Jer. 36:27-31).



Maari nating isiping kung hindi tayo magbabasa ng Biblia, magagawa natin ang gusto natin at mabubuhay tayo ng payapa. Ngunit kung babaliwalain natin ang mga babala ng Dios, aanihin natin ang bunga ng ating mga kasalanan at kasamaan.





KASUWAILAN

"At siya rin nama'y nanghimagsik laban sa haring Nabucodonosor, na siyang nagpasumpa sa kaniya sa pangalan ng Dios: nguni't pinapagmatigas niya ang kaniyang ulo at pinapagmatigas niya ang kaniyang puso sa panunumbalik sa Panginoon, sa Dios ng Israel." (2 Cronica 36:13)



Ang huling hari ng Juda, si Zedekias, ay nanumpa ng katapatan sa Babilonia, ngunit sinira ang kanyang panata. Paulit-ulit nyang tinanggihan ang mga babala na ibinigay ng Dios sa kanya sa pamamagitan ni Jeremias (2 Cronica 36:12).



Nang mapalibutan ang Jerusalem ng mga sundalo ng Babilonia, tinawag ni Zedekias si Jeremias upang magbigay sa kanya ng mensahe mula sa Dios (Jer. 38:14).

Malinaw ang mensahe: sumuko sa Babilonia at maliligtas mo ang iyong buhay, at ang Jerusalem (Jer. 38:17-23). Ngunit tinanggihan ni Zedekias ang mensahe. Ang kasuwailan nya ang nagdala sa huling pagkawasak ng Jerusalem (2 Cron. 36:13).



Sa loob ng labing-anim na taon nabigay ng mensahe ng pag-asa ang Dios sa kanya kung sya ay pagsisi at magbago ng pag-uugali. May panahon na positibo ang pagtugon nya, ngunit hindi sya nagbago ng permanente (Jer. 34:8-11).

PAGPAPAIMBABAW

"Lahat nga ng mga bagay na sa inyo'y kanilang ipagutos, ay gawin ninyo at ganapin: datapuwa't huwag kayong magsigawa ng alinsunod sa kanilang mga gawa; sapagka't kanilang sinasabi, at hindi ginagawa." (Mateo 23:3)



Bakit tinawag ni Jesus ang mga Pariseo na mapagpaimbabaw?

Dahil nangangaral sila ng isang bagay at iba at ginagawa nila (Mt. 23:3)

Dahil nagpapatupad sila ng mabigat na pasanin sa iba, ngunit sila mismo ay ayaw magbuhat nito (Mt. 23:4)

Dahil lahat ng ginagawa nila ay paimbabaw lang, para lang makita ng iba (Mt. 23:5)

Dahil gusto nilang maparangalan ngunit hindi nila pinararangalan ang iba (Mt. 23:6-7, 11-12)

Dahil pinupuri nila ang mga propeta, ngunit ayaw nilang sumunod sa mga mensahe nila (Mt. 23:29-31)


Dahil inaangkin nilang naglilingkod sila sa Dios, ngunit nais nilang patayin ang mga nagsasalita sa Kanyang pangalan (Mt. 23:34)

Isinulat ang mga salita ni Jesus laban sa mga hipokritong Pariseo upang maiwasan nating sundin ang kanilang halimbawa, at iwanan ang anumang ugali o kaisipang nagdadala sa atin sa pagtanggi sa mensahing ibinibigay ng Dios sa atin.

PRAKTIKAL NA PAGSASAKABUHAYAN



"Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon" (1 Corinto 10:11)



"Silang mga hindi nakakaalala ng nakaraan ay nakatakdang ulitin ito" (George Santayana).

Ang mga karanasan ng tao sa Dios—maging mabuti man ito o masama—ay hindi dapat baliwalain o bawasan.

Ang nakaraan ay kalimitang panimula ng hinaharap. Malimit ang nakaraan ay nagtatakda ng konteksto sa nangyayari sa kasalukuyan at mangyayari pa sa hinaharap.

Hindi tayo nakatakdang umulit sa mga pagkakamali ng nakaraang henerasyon kung nakikinig tayo sa mga babala ng Kasulatan at ng mga mensahe ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta (1 Cor. 10:11).




"sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong Dios, sa gayo'y matatatag kayo; sumampalataya kayo sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo." (2 Cronica 20:20)

“Ang espiritu ng paglaban sa saway, na nagdala sa pag-usig at pagkakulong kay Jeremias, ay makikita ngayon. Marami ang tumatanggi sa paulit-ulit na babala, mas ginugusto nilang makinig sa mga bulaang guro na nambobola at hindi pinapansin ang mga kasamaan nila. Sa araw ng kabagabagan ay siguradong walang kublihan dito, walang tulong mula sa langit. Ang mga piniling lingkod ng Dios ay dapat humarap ng may lakas ng loob at pagtitiyaga sa mga pagsubok at paghihirap na bumabagsak sa kanila dahil sa pagtanggi, pagpapabaya, at pagpapaimbabaw. Dapat silang magpatuloy ng may katapatan sa gawaing ipinapagawa sa kanila ng Dios, palaging inaalala na ang mga propeta noong una at ang Tagapagligtas ng sangkatauhan at Kanyang mga apostol ay nagtiis din ng pang-aabuso at pag-uusig alang-alang sa Salita.”

EGW (Prophets and Kings, p. 438)

APENDIKS: MGA PANGITAIN NI ELLEN G. WHITE



Ang mga pangitaning natanggap ni Ellen G. White sa publiko ay kasama ng hindi pangkaraniwang mga pangyayari: hindi sya humihinga; nananatiling bukas ang mga mata nya; gumagalaw sya na hindi napapansin ang nasa palibot nya; ...



Bagaman inaakusahan sya ng iba na hinihipnotize ang sarili (mesmerismo), hindi nya control kung kailan sya papasok o lalabas sa isang pangitain.



Kung nagkakaroon ng pangitain si Ellen, inaanyayahan ni James White ang mga naroon na suriin sya upang maalis ang anumang pagdududa ng mga hindi naniniwala sa kanya, at pasiglahin ang mga naniniwala sa kanya.

Ang mga umaakusa sa kanya na nagtutulogtulogan ay nagtataka na hindi talaga sya humihinga at umaalis sa lugar na pinangyayarihan ng pangitain dahil sa takot.